

**Presidential Communications Operations Office**

**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF  
PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE (PART II)**

[06 June 2022]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Medyo tapos naman lahat. Si Usec. Encabo would be the last. Si --- ang sunod si Secretary Duque sa COVID-19 siya pati 'yung accomplishments mo, sir.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** In a nutshell, sabihin mo lang.

**SEC. DUQUE:** Yes, sir. Dadagdagan ko lang, Mr. President, 'yung mga unang nabanggit kanina ni Secretary Charlie Galvez patungkol po sa aking ulat ngayong gabi.

Magandang gabi po sa inyo; at Senator Bong Go; ES Medialdea; ang akin pong mga kasama sa Gabinete; at higit po sa lahat sa atin pong mga kababayan. Ang akin pong ulat ay patungkol sa ating response efforts.

Sa Sorsogon, magdadagdag lang po ako ng kaunting detalye doon po sa naunang pag-uulat ni Usec. Ric Jalad. At ito po ay para sa mga apektadong kababayan natin dulot ng pagbuga ng Mount Bulusan, maging ang pinakabagong datos ng COVID-19 situation.

Gayundin, ikinalulugod ko ang magbahagi ng pinakabagong accomplishments at programa na naisakatuparan po ng Department of Health sa ilalim ng inyo pong administrasyon, Mr. President.

*[Next slide.]*

Magandang balita po ang pambungad na hatid ng DOH dahil nitong nakaraang linggo kinilala po ng Nikkei COVID-19 Recovery Index ang ating ginagawang pandemic response. At mula panghuli sa listahan ng 121 na bansa noong nakaraang taon, higit na malaking hakbang ang inusad ng Pilipinas na ngayon ay nasa 33<sup>rd</sup> na po ang rank natin at atin nga pong nilagpasan ang listahan --- sa listahan ang Switzerland, ang Israel, Japan, Malaysia, Singapore, United Kingdom, Canada, Australia, at marami pang ibang mga mas mayayaman at mauunlad na mga bansa, Mr. President.

At dahil sa ating masigasig na bakunahan at masugid na pagsunod sa minimum public health standards sa inyo pong halos linggo-linggong pagbibigay paalala sa atin pong mga kababayan kanya napakamaganda po ng ating compliance sa mask and other public health measures.

In fact, Mr. President, ang Johns Hopkins University nagsagawa po ng kanilang survey from September 2021 to April 2022 na ang range po ng masking compliance ng Pilipino ay from 91 to 96 percent, Mr. President. So talagang napakamalaking bagay ang atin pong disiplinadong pagsunod sa atin pong mask mandate.

So ilan pa sa mga pamantayang tiningnan ng COVID --- Nikkei COVID-19 Recovery Index ang atin pong patuloy na mababang kaso ng COVID at ang mababa din po ang ating mortality rate.

*[Next slide.]*

At kaunting detalye lang po, papunta naman tayo sa report sa ano ba ang ginawa ng DOH patungkol po sa phreatic eruption of Mount

Bulusan. At base po sa datos ng DOH, as of 6 a.m. ng ngayong araw, mayroon pong 2,784 na indibidwal ang naapektuhan ng mga bayan ng Juban, Casiguran, Irosin, Sorsogon. Sa bilang na ito ay mayroon pong 47 pamilya o 173 indibidwal ang nananatili sa Barangay Tughan Evacuation Center, Juban.

At bilang tugon, nag-preposition naman po ang inyong DOH sa pamamagitan ng Bicol Center for Health Development ng 17.1 million worth of health commodities gaya ng mga gamot at mga COVID-19 related supplies sa Provincial Health Office at sa PDHO `yung Provincial Department of Health Officer ng Sorsogon para sa mga apektadong bayan.

At nakapamahagi na rin po ang Bicol Regional Office ng paunang hygiene kits, ang potable water, at mga water container katulad ng mga jerry cans para sa mga kababayan natin sa mga evacuation center.

At nakapagbigay po tayo ng humigit- kumulang 200,000 piraso ng N95 masks at ang N88 masks para po maprotektahan ang kanila pong mga sari-sarili at lalo na pangkontra sa toxic effects ng ashfall na may kasama pong carbon dioxide and fluorine at ito po ay nakakapeligro sa mga baga ng mga mamamayan.

So patuloy po ang ugnayan sa ating Center for Health Development at local health units concerned upang makapag-abot ng agarang serbisyo sa mga apektadong komunidad.

At pinaaalalahanan din namin ang atin pong mga kababayan na makinig sa mga anunsiyo ng ating local at national governments at manatili sa loob ng bahay at magsuot ng mask at iwasang lumabas kung hindi kinakailangan.

Panghuli na lang po, Mr. President – *[next slide]* – ito po `yung ating lingguhang ulat patungkol sa COVID situation. At makikita po natin para po sa panahong May 31 to June 6, ang atin pong naitalang mga

bagong kaso ay umabot sa 1,276 ay ito po ay mababa kumpara doon sa 1,322 noong linggo nakaraan bago sa kasalukuyan.

At ito nga pong huling kaso natin ngayong araw ay mababa at 179 lang po ang naitala, whereas the seven-day moving average ay umabot po tayo ng 182 daily. At ang atin pong severe and critical cases nakapagdagdag po ng 14. Samantalang ang cumulative case fatality rate natin ay napapanatili po natin sa mababang 1.64 percent. Samantalang ang recovery rate ay patuloy po na tumataas at umabot na po tayo sa 98.3 percent.

Samantalang pagdating naman po sa testing, ang positivity rate natin ay mababa pa, 1.2 percent at ito po ay `di hamak na mas mababa sa five percent na benchmark na ginagamit ng World Health Organization. At ang atin naman pong testing output ay nasa 18,185. Ito po ang seven-day moving average.

Samantalang ang healthcare utilization rates po natin, Mr. President, sa non-ICU ay nasa 18.1 percent at ang ICU bed utilization ay mababa din, 14.7 percent; samantalang ang ating severe and critical admissions ay umabot ng 599. Ang katumbas po nito ay 11 percent out of the 5,420 total admissions.

At `yung bahagi po ng ating slide sa bandang kanan ay nagpapakita po rito muli ang NCR ang siyang may pinakamataas na naiambag sa atin pong caseload for one week, for this week `no: NCR po ay 600, Region IV-A ay 199, at Region III ay 88. Samantalang ang tatlong pangunahing mga siyudad na nakapag-ambag ng mga kaso ay ang Quezon City sa 97, Makati City – 89, Manila – 84.

So dito po ako magwawakas, Mr. President, at patuloy po tayo na mababa ang ating pong case classification ay either very low or low risk; at ang atin pong healthcare utilization rate ay napakamababa din po at ito ay halos less than 20 percent gaya ng akin pong ipinakita.

At ang atin pong vaccination rate kagaya po ng nabigyang-diin ni Secretary Galvez ay umabot na po tayo sa almost 70 million na mga

Pilipino na kumpleto na po ang kanilang bakuna. Ang katumbas po nito ay 77 percent of the 90 million target population but this is equivalent to about 90 percent if our original target is to be used as our denominator which is 77 million. So kung 70 million po over 77 million, that's roughly about 90 percent of our original target, Mr. President.

And all of these have, in fact, contributed to our substantive improvement in our Nikkei COVID-19 Recovery Index.

At nakakatuwa nga po, Mr. President, ang ganda-ganda na po ng ating mga resulta at talaga namang nagbunga ang inyo pong napakamalaking suporta sa Inter-Agency Task Force.

At dahil po dito, nakapag-issue po ng almost 200 na mga policy issuances and resolutions na sila naman po ang naging batayan o basehan para po sa pagsasakatuparan ng atin pong mga protocols and guidelines doon po sa prevent, detect, isolate, treat, reintegrate, vaccination strategy, Mr. President.

And in fact, nakakatuwa nga po ang WHO noong May --- last week ng April --- not May but April. Sabi nila, ang projection nila, Mr. President, ang Pilipinas daw magkakaroon ng 300,000 active cases after the elections. And today, our active cases are only 2,400 plus.

So this is really a far cry from the projections that were made by different groups 'no. So we have proven them wrong that our interventions have all been very effective and that is why our people have been benefited by the very sound policies of your administration, Mr. President.

And we hope that the next administration will build on the gains of your administration and I think that they will be fortunate because your guidance, your stewardship of the IATF, Mr. President, has really yielded very solid and concrete tangible results, Mr. President.

Iyong lang po. Thank you, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** Secretary Duque. I'd like to hear about the state of our cooperatives here in our country.

**CDA UNDERSECRETARY JOSEPH "JOY" ENCABO:** Thank you, Mr. President. Executive Secretary Salvador Medialdea; Senator Bong Go; members of the Cabinet; and to all fellow public servants.

Mr. President, thank you for this opportunity to be able to present to you our audio-visual presentation, a report of the Cooperative Development Authority under your administration.

**PRESIDENT DUTERTE:** Okay. I'll cut you there. I'd like to apologize. I forgot to introduce you, Usec. Joseph Encabo.

**USEC. ENCABO:** Thank you, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Chairman sa...

**USEC. ENCABO:** This... Yes, sir. Thank you.

Encapsulating the last six years of your administration, our accomplishments from 2016 to 2022. I hope you will appreciate this one po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes.

**USEC. ENCABO:** Please, play.

*[audio-visual presentation]*

**USEC. ENCABO:** Mr. President, in closing, coming from your directive, we would like to thank you for giving the CDA a boost to improve our services rendered to the cooperative sector. And we assure you, Mr. President, that the CDA will work harder not only to remember your legacy but our commitment to the Filipino people. Daghang salamat, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** In response, I would like to say this actually. Whatever little improvement that we have made on the lives of our countrymen, maski gaano kaliit --- iyong malaki na dumating mas maganda --- pero kung nakatulong tayo even how little or mere it was, medyo kuntento ako. I am happy that the agencies working under me were really working for the benefit of the people. Maraming salamat po sa inyo.

**USEC. ENCABO:** Daghang salamat, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** And I guess wala namang --- there's no more in the program --- Undersecretary Encabo is the last speaker.

So I would just like to make a parting message to the Filipino people. I --- sabi ko, maybe this will be the last of the programs na we adopted to improve the communication between the people and government.

Actually ang purpose lang dito is marami kasing --- alam mo pulitika eh. Whether you like it or not, the president is a politician, may mga kalaban talaga `yan sa pulitika. And so all throughout almost the six years, I was a --- hindi ko naman pinapansin `yan kasi matagal na akong mayor and I've been through it sa buong 23 years ko. Sanay ako sa pulitika na ano.

This time, itong talagang ayaw lang matalo at ano man ang gawin mo... Gawain mo ito, masama ka. Gawain mo `yun, masama ka rin. So the better policy is just to ignore them and that's what we did. We never bothered to even to hear what they were uttering or complaining about.

Maski na --- no amount of hard work and no amount of effort that you pour on the projects, whatever undertakings there are done in the --- for the benefit of the country. So...

Kaya ito na nagawa ko. Kaya sabi ko sa inyo dito 'yung forum or platform na malaman ninyo ang totoo because we do not have any reason to lie. Wala kaming iniimbentong istorya, 'yung totoo lang. Kaya sabi ko makinig kayo dito. And apparently from the feedbacks that I got for all of these months or years, we were able to connect with the people and tell them what's the truth at ano 'yung mga plano.

So we are --- we are now on the last chapter. Let me just --- basahin ko na lang, 'yung --- the coming transition, the transfer of power.

As we approach June 30, this administration is both ready and eager to hand over the reins of government to our incoming leaders.

I assure everyone that this process will be smooth and peaceful as we want the next administration to succeed for the benefit of country.

I urge my fellow Filipinos to rally behind and support our new leaders so that they can build on the gains we have achieved these past six years. We must all be united in confronting the issues ahead of us. We have no room for politicking or go into a divisive exercise in whatever endeavors that you can think of just to divide the country. Huwag nating gawain 'yan.

So... Various challenges, both natural and man-made, also continue to test our resolve as a nation and a people. Let us continue to unite and show compassion with one another so we may overcome all of these challenges.

My fellow Filipinos, the next administration needs all our support and solidarity. Let us therefore give them our goodwill and our best wishes as they endeavor to lead our country towards a better future.



May --- a little bit of ano, ano ko sa buhay, ulitin ko. Sa --- to the people of the --- of my country, the Philippines. It was a fruitful and productive journey all these years, with the help of people of all --- lahat na sectors who I thought early on who can help me build a better future for our children.

Me? Maraming-maraming salamat sa inyong pagbigay ng tiwala sa akin. At we are going to retire, but I will be just in Davao. And if there's a compelling need for me to talk, I will do it.

But ang aking ano is --- my drift is just really to retire quietly. No more politics for me. And all that I aspire, all that I want is a better country for this generation and especially for the next generation.

Kung may ano man ako, advocacy ko, it's really to protect the next generation. At alam na ninyo kung ano 'yan. I will not hesitate to --- by inaction. I'm referring to sa droga at criminality. All intended to protect you.

Maraming salamat po sa inyo. *[applause]*

**--- END ---**